フィリピノ語版

# Balitang Iwas Krimen Tungo Kaunlaran ng Bayan

地域から始めよう！
しずおか防犯まちづくり

No. 162

Ika-19 ng Mayo 2020
Iwas Krimen tungo sa Kaunlaran ng Bayan

Inhilathala ng Lupon ng Mamamayan ng Shizuoka
Kalihim, Dibisyon ng Ligtas na Pamumuhay at Trapiko
TEL:054-221-3715

## Mag-ingat sa Panloloob sa mga Bahay-kalakal！！

Kasabay ng pagkalat ng COVID-19, may mga nagaganap na panloloob sa mga sarado o maiksing oras ang operasyon na mga restoran, bahay kalakal at opisina sa loob ng lalawigan.

Bagamat inalis na ang kahilingan na magsara sa mga restoran at tindahan, kakaunti ang nagbabantay at madaling maganap ang krimen sa oras na walang tao ang mga bahay kalakal. Mangyaring bigyan ng pansin ang mga hakbang sa iwas-krimen.



### Palatandaan para Maiwasang Mabiktima

- ○Huwag magtago ng pera o mahalagang kagamitan sa tindahan o restoran na walang tao!
- ○Ikandado ang lahat ng pinto at bintana!
- ○Magkabit ng pang-iwas-krimen na kagamitan tulad ng motion activated na ilaw at CCTV camera!

## Tulong pinansyal para sa pagkakabit ng CCTV sa daanan ng mga estudyante!

Mag-abot ng tulong para sa mga lungsod at bayan na nagbibigay tulong sa mga lokal na samahan ng mga residente na nagkakabit ng CCTV camera sa mga daanan ng mga estudyante bilang tugon sa pagpigil na krimen na bumibiktima sa mga kabataan at karagdagang tulong sa gawain na pangalagaan ang mga kabataan sa lokal na lugar.

（May pagkakaiba sa sistema ng tulong na iniaabot sa mga lokal na samahan ng mga residente ang bawat lungsod/bayan, kaya sumangguni sa inyong lokal na pamahalaan.）

| | |
|---|---|
| Tudla ng tulong | Lungsod at bayan（Maliban sa mga malayang pinangangasiwaan na lungsod） |
| Halaga ng tulong | Sapat na halaga sa proyekto ng mga lokal na samahan ng mga residente na magkabit ng CCTV camera sa mga daanan ng mga estudyante kapag may inabot na tulong ang lokal na pamahalaan |
| Proporsiyon at halaga ng tulong | Proporsiyon ng tulong: Hindi hihigit sa kalahati ng kailangang halaga para sa tulong ng lokal na pamahalaan<br>Pinakamataas na halaga: ¥150,000 kada CCTV camera sa daanan ng estudyante |
| Panahon ng programa | 2020～2022 |


Para sa detalye →https://www.pref.shizuoka.jp/kenmin/km-130/bouhancamera.html

# Maaaring maganap ito sa pagkalat ng COVID-19

Pinagmulan: Twitter ng Kapulisan

**Pagkalat ng COVID-19**

- Paglala ng lagay ng pangangalakal
- Paglala ng lagay ng pagtratrabaho tulad ng pagtatanggal at pagkansela ng kontrata




Pagtaas ng bukod tanging panloloko sa mga bata

- Panawagan na huwag lumabas ng bahay kung hindi kinakailangan



Pagtaas ng pamamalagi ng mga matatanda sa bahay


**Tumataas ang panloloko sa telepono na tinutudla ang mga matatanda!!**

## Resulta ng Pagsusuri sa Nabiktima ng "Ako ito" na Panloloko


Hanggan katapusan ng Marso 2020（Pagsusuri ng Kapulisan）

Pinagmulan: Balitang *Kenmin* ng Mayo


Paghahambing ng Lalaki at Babae




Antas ng Edad




Lagay ng Pamumuhay




① Babae
② Nasa 70～80 taon ang antas ng edad
③ Mag-isa sa bahay (mag-isang nakatira o wala ang mga kasama sa bahay)

Mga taong tinutukoy ng ①～③ ay kinakailangang lubos na mag-ingat!!